



Approved by the Bureau of Public School, (BULLETIN No. 30, s. 1951)

# TULONG SA MGA GURO AT NAG-AARAL ng buhay ni Dr. JOSE RIZAL

INIHANDA NI EMMA MARIA CRISTINA




## Ang Wikang Tagalog At Si Andres Bonifacio

Ni ARTURO GARCIA
*Superbisor sa mga Paaralang Pribado*

*Sinasabing si Bonifacio ay kilala hindi lamang sa kanyang pagiging Ama ng Katipunan kundi gayon din sa kanyang pagmamahal sa wikang Tagalog. Basahin natin ang sumusunod na kuwento:*

Sabado ng umaga. Sa silid aralan, sa tahanan nina aling Nena, ay abalang-abala ang magkapatid na Pepe at Leonor. Si Pepe ay nasa-ikatlong baytang ng haiskul at si Leonor naman ay nasa huling baytang ng mababang paaralan. Tinutulungan ni Pepe si Leonor sa pagsulat ng gawaing-bahay nang si aling Nena ay dumating buhat sa pamilihan.

"Pepe, Leonor..." ang tawag ni aling Nena sa dalawang bata, "abutin ninyo itong mga dala ko."

Iniwanan ng dalawang tinawag ang kanilang mga aklat, lapis, papel at iba pang mga kagamitang pampaaralan sa ibabaw ng hapag at sumalubong sa bagong dating.

Nang mapansin ni aling Nena na hanggang sa pagluluto ng kanilang pananghalian ay laging may pinagtatalunan ang dalawa niyang anak ay nagtanong ng ganito:

"Bakit parang may kagalitan kayong dalawa, ha?"

**"Si kuya po eh," ang simula ni Leonor.**

"Ay ano?" ang sunod na tanong ni aling Nena.

"Hindi po Inay," ang salo agad ni Pepe. "Wala po kaming pinagkakagalitan. Hindi po lamang maniwala sa akin si Leonor na si Banifacio ay manunulat din. Akala niya ay sa Katipunan lamang kilala si Bonifacio. Tingnan niyo ang simulat na *theme* ni Leonor. Hindi po ba, Inay, si Bonifacio ay makata pa sa Tagalog?"

Si aling Nena, sapagka't guro at kung kaya lamang tumigil sa pagtuturo ay dahil sa panghihina ng kanyang katawan, ay hindi nakatiis at nagpaliwanag agad:

"Alam ninyo, nang itatag nina Bonifacio ang Katipunan, ay nagkaroon sila ng pahayagang kung tawagin ay *Kalayaan.* Si Bonifacio ay maraming nasulat sa babasahing ito. Siya ang may-akda ng *Ang Dapat Mabatid Nang Mga Tagalog. Manga Aral na Gagawin nang manga Katipunan nang manga Anak Nang Bayan* at ng *Katapusang Hibik Nang Pilipinas.* Siya rin ang gumawa ng kauna-unahang salin sa Tagalog ng *Mi Ultimo Adios* ni Rizal, na kanyang pinamagatang *Pag-ibig sa Tinubuan Lupa.* Ang pangalang ginamit niya sa pagsulat ay *Maypagasa.* Anupa't tama si Pepe, Leonor, kung sabihin niyang si Bonifacio ay makata't manunulat din."

"Kita mo na" ang buong pagmamalaking sinabi ni Pepe sa kanyang kapatid.

Hindi na kumibo si Leonor. Siya man ay natutuwa sapagka't nagkaroon siya ng karagdagang alam tungkol kay Bonifacio.

"Mabubuo ko na ngayon ang aking susulatin para sa Lunes," ang nasisiyahang wika ni Leonor sa kanyang sarili.

At ang mag-iina, si aling Nena, Pepe at Leonor ay masasayang nagpatuloy sa kanilang pagluluto ng pananghalian.

TALASALITAAN:

abalang-abala — very busy
gawaing-bahay — homework
pagsisi —act of blaming someone
pag-uusisa — inquiry

MGA TANONG:

1. Ano ang sinabi ni Pepe kay Leonor tungkol kay Bonifacio?
2. Ano naman ang paliwanag ni aling Nena.
3. Patunayang si Bonifacio ay makata't manunulat din.
4. Isaysay ang iba pa ninyong nalalaman tungkol sa ating bayani.